



Tungkol sa amin

Mga Tagapayo tungkol sa Mga Benepisyo ng Insurance ng Kalusugan sa Buong Estado (Statewide Health Insurance Benefits Advisors o SHIBA)

Sino kami

Ang SHIBA ay bahagi ng mga serbisyo para sa proteksyon ng consumer ng Tanggapan ng Komisyonado ng Insurance (Office of the Insurance Commissioner) ng Washington State. Nagbibigay kami ng libre, walang pinapanigan, at kumpidensyal na tulong sa mga pagpipilian sa Medicare at pangangalangang pangkalusugan.

Isa sa 54 na programa sa insurance ng kalusugan ng estado (state health insurance program o SHIP) sa U.S., ang Shiba ang pinakaunang programa sa bansa. Tumatakbo na ito mula pa noong 1979. Kami lang ang nag-iisang SHIP na nagbibigay ng serbisyo sa lahat ng edad.

Ang sistema ng edukasyon at referral ng aming team

Binubuo kami ng:

- Mga boluntaryong tagapayo mula sa komunidad
- Mga lokal na ahensyang nag-i-sponsor
- Tauhan ng Tanggapan ng Komisyonado ng Insurance
- Iba pang ahensya ng pamahalaan at partner ng komunidad

Paano tinutulungan ng aming mga boluntaryong tagapayo ang mga consumer

- Sinusuri ang mga kailangan sa coverage ng pangangalangang pangkalusugan
- Tinutukoy ang pangkalahatang pagiging kwalipikado para sa mga programa sa coverage ng pangangalangang pangkalusugan
- Sinusuri at pinaghahambing ang mga plano at programang pangkalusugan
- Nagbibigay ng tulong sa pag-enroll sa Medicare
- Nakikipag-usap sa 1-800 Medicare sa ngalan ng mga kliyente
- Gumagawa ng mga referral sa iba pang ahensya at programa
- Nangongolekta at nag-uulat ng mga posibleng reklamo ng panloloko

Sino ang pinaglilingkuran namin

- Lahat ng edad at background
- Mga taong may kapansanan at mga partikular na sakit
- Mga senior at malapit nang magretiro
- Mga etnikong populasyon at populasyong binubuo ng maraming wika
- Mga taong walang insurance
- Mga populasyon sa rural
- Mga taong mababa ang kita

Ang SHIBA ay isang libre at walang pinapanigang serbisyo ng:



Ang aming misyon

Ang SHIBA ay nagbibigay ng libre, walang pinapanigang impormasyon tungkol sa coverage ng pangangalagang pangkalusugan at access para makatulong na pagandahin ang buhay ng lahat ng residente ng Washington. Nililinang namin ang pakikibahagi ng komunidad sa pamamagitan ng pakikipagtulungan, serbisyo, at pagboboluntaryo.

Hayaan mo kaming tulungan ka!

1-800-562-6900 (buong estado)

www.insurance.wa.gov/shiba



LOCAL HELP FOR PEOPLE WITH MEDICARE

Ang proyektong ito ay suportado, bilang bahagi ng grant number na 90SAPG0012-02, mula sa U.S. Administration for Community Living (Administrasyon para sa Pamumuhay sa Komunidad ng U.S.), Department of Health and Human Services (Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao), Washington, D.C. 20201.

Ang SHIBA ay isang libre at walang pinapanigang serbisyo ng:



Mga katotohanan tungkol sa SHIBA

108,000+

Consumer ang naturuan namin sa buong estado

94,000+

Consumer ang natulungan namin sa pamamagitan ng direktang pagpapayo

250+

Sesyon ng pagsasanay ang naibigay namin sa aming mga boluntaryong tagapayo

2,400+

Kaganapan ng paghahatid ng tulong ang idinaos namin sa mga komunidad sa buong estado

19

Sponsor na ahensya ang naglilingkod sa lahat ng county

400+

Boluntaryo ang pinangangasiwaan namin sa buong estado